

OPISYAL NA PAHAYAG

Mayo 22, 2020

Pakikipag-ugnay: Sentro ng Pinagsamang Impormasyon ng Lungsod ng Long Beach, 562.570.NEWS, jic@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Nag-aalok ang Long Beach ng Pinahabang Kaluwagan para sa Mga Nag-rerenta na Naapektuhan ng COVID-19

Long Beach, CA - Ang Konseho ng Lungsod ng Long Beach ay nagkaisa sa pagboto noong Martes upang isulong ang isang pagpapahaba ng [pang-emerhensiyang ordinansa](#) na humihinto ng mga pagpapalayas para sa mga residential at ilang komersiyal na nangungupahan na apektado ng COVID-19 pandemiya.

“Nakikita natin ang mga hindi inaasahang epekto sa ekonomiya na dulot ng pandemiya sa mga residential at komersyal na nangungupahan sa Long Beach,” sabi ni Mayor Robert Garcia. “Ang pagpapahaba ng emerhensiyang ordinansa ay nagbibigay ng ginhawa sa mga nanganganib na mapalayas at posibleng mawalan ng tirahan sa mapaghamong oras na ito.”

Ang pagbabago ay nagpapalawak sa kasalukuyang moratorium ng pagpapalayas at deferment ng renta para sa karagdagang 60 araw, hanggang Hulyo 31, 2020. Ang mga protektadong nangungupahan ay magkakaroon hanggang Hulyo 31, 2021, upang mabayaran ang lahat ng naantala na upa sa mga landlord nang walang singil sa huling pagbayad at iba pang mga bayad. Ang mga nangungupahan ay hinihikayat na magtatag ng plano upang mabayaran ang mga ipinagpaliban na upa sa loob ng isang panahon ng pagbabayad.

Kung ang isang nangungupahan ay hindi makabayad ng upa mula Marso 4 hanggang Hulyo 31, 2020, dahil sa pagbawas ng kita dulot ng COVID-19, dapat nilang ipagbigay-alam sa kanilang landlord na ang upa ay hindi mababayaran sa oras. Ang mga nangungupahan ay kinakailangang magbigay ng dokumentasyon ng malaking

pagkalugi sa kita dahil sa pagkawala ng trabaho, out-of-pocket na gastos sa medikal, o hiniling na manatili sa bahay dahil sa COVID-19.

Hanggang Hulyo 31, 2020, ang mga landlord na naglalabas ng mga abiso sa hindi pagbabayad ng upa ay dapat magsama ng impormasyon tungkol sa emerhensiyang ordinansa ng Lungsod upang matiyak na ang mga nangungupahan ay nakakaalam ng kanilang mga karapatan.

Ang pagbabago ay hindi gumagana sa malalaking komersyal na nangungupahan na multinasyonal o publicly traded na kumpanya na may 500 o higit pang mga empleyado, mga nangungupahan sa Long Beach Airport, mga nangungupahan sa Harbor, o mga nangungupahan sa mga lugar ng Tidelands. Ang Lungsod at ang mga komisyon nito ay makikipagtulungan sa mga nangungupahan sa isang case-by-case na batayan upang matugunan ang mga epekto ng COVID-19 at pagusapan ang naaangkop na mga deferment sa renta o iba pang naaayon na akomodasyon.

Ang pangwakas na ordinansa ay didingin ng Konseho ng Lungsod sa Mayo 26 at ipapatupad agad kung aprubahan ng Konseho ng Lungsod at nilagdaan ng Mayor.

Bilang karagdagan, ang Konseho ng Lungsod ay tumitingin ng iba't ibang mga pagpipilian sa tulong para sa mga may-ari ng lupa na naapektuhan ng COVID-19, kasama ang kaluwagan sa foreclosure, refund ng property tax, at ang posibilidad ng isang revolving loan fund.

Ang Konseho ng Lungsod ay [nagpatupad](#) ng moratorium ng emerhensiyang pagpapalayas noong Marso 24, 2020 sa gitna ng pagsiklab ng COVID-19.

Tingnan ang [Resources para sa mga May-ari ng Bahay, Nangungupahan, at mga Landlord](#) sa Lungsod.

Para sa pinakabagong impormasyon sa COVID-19, at mga detalye sa lahat ng ginagawa ng Lungsod ng Long Beach para mapanatiling ligtas ang kanilang mga residente, bumisita sa: longbeach.gov/COVID19 at sundan ang @LongBeachCity sa Facebook, Twitter at Instagram.

###